

# KALABASA

Ang kalabasa o squash (*Cucurbita maxima L.*) ay isa sa pangunahing sangkap sa mga pagkain tulad ng dinengdeng, pakbet, bulanglang at iba pang luto. Ang kanya namang buto ay maaring gawing kutchi. Ito ay mayaman sa bitamina at minerals tulad ng *A, C, B1, B6, B3* at *potassium*. Ito ay mayroong beta carotene na *anti-oxidant* at *anti-inflammatory*.



## PANGANGAILANGAN SA LUPA AT KLIMA

Tumutubo sa anumang uri ng lupa ang kalabasa. Kailangan din nito ng temperaturang 18 - 30° C. Itanim ang kalabasa sa buwan ng Oktubre hanggang Disyembre para sa kapatagan, mainam naman itanim sa buwan Mayo hanggang Hulyo sa lugar na kabundukan.

## PAGPILI NG BINHI

Sa pagpili ng barayti/binhi, ilan sa mga dapat isaalang-alang ang lokal na kondisyon tulad ng klima; may kakayahan na labanan ang mga pangunahing sakit at peste; at demand sa merkado.

## PAGHAHANDA NG LUPA

Kailangang buhaghag ito. Araruhin at suyurin ang lupa ng dalawa hanggang tatlong beses sa pagitan ng isang linggo upang maiwasan ang pagtubo ng mga damo. Pagkatapos ng huling pagsuyod, gumawa ng tudling depende sa panahon. Sa panahon ng tag-ulan, gumawa ng 3 metro na distansya, sa panahon ng tag-init ang distansya naman ay 2.5 na metro.

## PAGTATANIM AT LIPAT TANIM

### DIREKTANG PAGTATANIM (DIRECT PLANTING)

Magtanim ng isang binhi sa bawat burol na may layo na 1 metro. Takpan ng lupa pagkatanim. Sa panahon ng tag-ulan, itanim sa ibabaw ng tudling ang binhi upang maiwasan ang pagkabulok dahil sa pagbaha.

### LIPAT TANIM

Maghanda ng lupa na may halo 1:1:1 na luwad na lupa, Carbonized Rice Hull (CRH) at compost o organikong pataba. Ilagay ang inihandang lupa sa plastic bags, potlets, o seedling tray at diligan. Taniman ng isang butil ng buto sa bawat potlets o butas ng seedling tray. Itabi ito sa malilim na lugar. Diligan ito ng madalas kung kinakailangan. Ilipat tanim ito pagkalipas ng 15 na araw sa pagsibol nito. Mainam na itanim ang mga ito sa hapon o maulap na panahon.

## PAGLALAGAY NG PATABA

Para sa lowland areas, gumamit ng dumi ng hayop o compost na pataba bago ito taniman. Para sa highland areas, gumamit ng 100 gramo ng organikong pataba kasama ang 1 kutsara na complete fertilizer sa bawat butas bago ito taniman. Maglagay sa gilid ng tudling ng 1 kutsara ng urea sa bawat burol kada isang buwan pagkatanim o kung ang kalabasa ay may taas na 1 metro. Pagkalipas ng 2 linggo pagkatapos ang unang paglalagay, maglagay ng 10g ng potash at 60g ng solophos kada halaman. Maaaring maglagay ng urea o potash kada 15 na araw ayon sa kalagayan ng halaman.



## PATUBIG

Diligan isang beses kada linggo o 1 litro ng tubig bawat burol kada isang araw. Mahalaga din na diligan ang mga halaman pagkatapos ito lagyan ng pataba. Iwasan ang pagdidilig kapag ito ay nasa yugto na ng pagbunga nito.

## PAMAMAHALA NG SAKIT AT PESTE

Ang aphids at ang 28-spotted lady beetle ang pangunahing pesteng insekto nito. Samantalang, ang powdery mildew at mosaic virus ang pangkaraniwan nitong sakit at nagdudulot ng malaking pinsala sa halaman. Upang maiwasan ang mga ito, gumamit ng kultural na pamamahala at panatiliin ang kalinisan ng sakahan. Tanggalan ng damo pagkalipas ng 7 hanggang 14 na araw pagkasibol nito. Ulitin kung kinakailangan.

## PAG-AANI

Anihin ang mga bunga pagkalipas ng 30 hanggang 40 na araw pagkatapos ng polinasyon. Anihin ang mga bunga na walang sintomas ng sakit.

Masaganang ANI Mataas na KITA

DEPARTMENT OF AGRICULTURE 1898

Para sa karagdagang impormasyon, tumawag o mag text lamang sa FARMERS' CONTACT CENTER

**0920 946 2474**